3

Republic of the Philippines

Department of Education

**NATIONAL CAPITAL REGION**

Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS

(USLeM)

# FILIPINO 3 WEEK 7


**DEVELOPMENT & EDITORIAL TEAM:**

| | |
|---|---|
| Writer: | DAISY Q. CEPEDA |
| Illustrator: | MARJORIE B. PELECIA, |
| Layout Artist: | NORMAN S. GARCIA |
| Language Editors: | NICELDA C. GALLEGO, MILLIE B. VALENZUELA, LEA G. YNOTA |
| Management Team: | Dr. MALCOLM S. GARMA, Regional Director - NCR |
| | Dr. JOEL T. TORRECAMPO, SDS SDO - Las Piñas City |
| | Dr. GENIA V. SANTOS, CLMD Chief - NCR |
| | Mr. JUAN C. OBIERNA, CID-Chief, SDO - Las Piñas |
| | Dr. GLORIA G. TAMAYO, EPS in Filipino - NCR |
| | Dr. DENNIS M. MENDOZA, LR EPS - NCR |
| | Dr. MACARIO D. PELECIA JR, EPS in Filipino - SDO Las Piñas |
| | Dr. MARY JANE R. TUBELLO, LR EPS - SDO Las Piñas |
| | NANCY C. MAGBUNGA, Librarian - NCR |
| | ELAINE MARGARETT BAGUIO, PDO SDO – Las Piñas |
| | ANA S. MAONTANES, Librarian SDO – Las Piñas |



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili**

## **Aralin 7:** Salitang Kilos/Pandiwa

**Inaasahan:** Nagagamit ang tamang salitang kilos/pandiwa sa pagsasalaysay ng mga personal na karanasan (F3WG-IIIe-f-5)

### Unang Pagsubok

**Panuto:** Pansinin ang bahay sa ibaba. Isulat sa paligid nito ang mga ginagawa sa loob ng tahanan.



Halaw sa Canva Philippines Education

### Balik-Tanaw

Sa nakaraang aralin, pinag-aralan natin ang masusing paghihinuha ng mga teksto upang malaman ang mahahalagang pangyayari. Sa aralin ngayon, mahalagang malaman ang kilos na mababasa sa isang teksto.

### Maikling Pagpapakilala sa Aralin

Sa aralin ngayon, pag-aaralan ang tamang gamit ng mga salitang kilos o pandiwa sa pangungusap o sa pagsasalaysay ng pansariling karanasan.

### Gawain

**Panuto**: Bilugan ang pandiwang ginamit sa bawat pangungusap.


**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

1. Nangungulekta ng bote at dyaryo ang magkapatid nang araw na iyon.
2. Maagang napuno ng mga bote at dyaryo ang itinutulak nilang kariton.
3. Dumaan sila sa *junk shop* ni Mang Kardo.
4. Dito nila ipagbibili ang mga bote at dyaryo.
5. Tinimbang ni Mang Kardo ang mga bote at dyaryo.

**Panuto:** Gamitin sa pangungusap ang sumusunod na pandiwa.

1. naglalakad ______________________________
2. kumakanta ______________________________
3. naglilinis ______________________________
4.nagsasalita ______________________________
5. nagbabasa ______________________________

**Panuto:** Bilang isang mag-aaral sa ikatlong baitang, ano-ano ang mga ginagawa mo upang makatulong sa gawaing bahay ngayong may pandemya.

Sumulat ng 5 pangungusap gamit ang pandiwa o salitang kilos.

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________
5. ______________________________

## Tandaan

Ang pandiwa ay nagbibigay buhay sa pangungusap dahil nagsasaad ito ng kilos ng tao, hayop o bagay. Ito rin ay ginagamit sa pagsasalaysay ng mga personal na karanasan.

Binubuo ito ng mga salitang ugat at panlapi tulad ng na, ma, nag, mag, um, in at hin.


**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

Halimbawa:

| **Panlapi** | **+** | **Salitang ugat** | **=** | **Salitang kilos** |
|---|---|---|---|---|
| nag | | sulat | | nagsulat |
| um | | awit | | umawit |

## Pag-alam sa Natutuhan

**Panuto:** Bilugan ang angkop na pandiwang bubuo sa pangungusap.

1. (Kumain, Kumakain, kakain) si Tina ng masarap na keyk kahapon.

2. Si Sherwin ay (nagbasa, nagbabasa, magbabasa) ng aklat ngayon.

3. (Itapon, Itinatapon, Itatapon) mo ang basura sa tamang lalagyan ngayon.

4. Ito ang gamot na (ininom, iniinom, iinumin) ng bata sa kagabi.

5. (Huminto, Humihinto, Hihinto) ang dyip sa kalsada kanina.

6. (Sumayaw,Sumasayaw, Sasayaw) ng cha-cha ang mga matatanda noong isang linggo.

7. Ang nanay ay (naghugas, naghuhugas, maghuhugas) ng mga pinagkainan sa kahapon.

8. Si Lorna ay (naglaba, naglalaba, maglalaba) ng maruruming damit sa ilog noong nakaraang araw.

9. (Natulog, Natutulog, Matutulog) ang mga aso sa ilalim ng papag kagabi.


**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

10. Ang mga matatanda ay tulong-tulong na (nagbuhat, nagbubuhat, magbubuhat) ng mga gamit noong nakaraang bagyo.

**Panuto:** Piliin sa kahon ang pandiwang bubuo sa diwa ng pangungusap. Isulat sa patlang ang napiling sagot.

| | | |
|---|---|---|
| bibili | sumakay | nag-alay |
| magtatanim | pupunta | inaawit |

1. Bukas ay _______ sina Meldy at kasama ng mga pagkain at gamit sa mga nasunugan.

2. _______ agad ng traysikel si Lita patungong subdibisyon kaya hindi ko naabutan.

3. Tuwing umaga, ________ nang buong sigla ng mga mag-aaral ang "Lupang Hinirang".

4. ________ sila ng mga gulay sa kanilang bakuran sa darating na bakasyon.

5. _______ ng mga bulaklak sa bantayog ni Rizal ang mga dalaga bilang pag- ala-ala sa kaarawan ng bayani.

**Panuto:** Salungguhitan ang pandiwang bubuo sa pangungusap.

1. Si Juan ay (nagising, nagigising, magigising) sa tilaok ng manok tuwing umaga.

2. Ang mga magsasaka ay (nagtanim, nagtatanim, magtatanim) ng palay tuwing tag-ulan.

3. (Nadapa, Nadadapa, Madadapa) ang batang tumatakbo.

4. Ang aso ay (tumahol, tumatahol, tatahol) sa gabi.


**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

5. (Pinunasan, Pinupunasan, Pupunasan) niya ang maruming mesa.

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Sumulat ng 5 pangungusap gamit ang pandiwa kung papaano mo mapangangalagaan ang iyong sarili laban sa *COVID-19 virus*.

1.______________________________________________________________
2.______________________________________________________________
3.______________________________________________________________
4.______________________________________________________________
5.______________________________________________________________

**Panuto:** Piliin sa ulap ang pandiwang bubuo sa diwa ng pangungusap. Isulat sa linya ang napiling sagot.

maghihintay
humiga sinasabi
nagsuklay tumulong

1. Nakikinig kaba sa ______________ ng guro mo?

2. Nagbihis at ________________ ng buhok si Emily.

3. __________________ ako sa harap ng bahay mo bukas.

4. Nakita kong _____________________ sa kama si Maricel.

5. Ako ay ______________________ sa paglilinis ng bahay kahapon.

**Panuto:** Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong.

**"Si Stella At Ang Mga Kaibigan Niya Sa Araw ng Pasko"**

Anak-mayaman si Stella subalit hindi siya katulad ng ibang lumaki sa karangyaan na walang ginawa kung hindi mamasyal sa kung saan-saan at magpakasarap sa buhay. Kahit ang ama niyang si Don Macario at ang ina niyang si Señora Margarita ay lubos ang pasasalamat sa mabuting loob ng kanilang nag-iisang anak. Kakaiba ang kabutihan na ipinakikita nito lalong-lalo na sa mga mahihirap na tao. Tuwing Pasko, niyayaya ni Stella ang mga kaibigan niyang pumunta sa bahay ampunan sa *Marga Hera*. Namimigay sila ng mga laruan, pagkain at iba pang mga regalo sa mga bata roon.

"Stella, matanong ko lang, bakit dito tayo pumupunta tuwing Pasko?" tanong ni Mila, isa sa mga matalik na kaibigan ng dalagita. "Malapit kasi ang puso ko sa mga bata sa bahay ampunan. Gusto kong kahit isang beses lang sa isang taon ay mapasaya ko sila," paglalahad ng dalagita.

"Hindi isang beses sa isang taon bes, isang beses sa dalawang linggo. Suwerte nila sa iyo *friend*," sabi ni Bea sa kaibigan.

Masayang-masaya ang mga bata sa ampunan noong araw na iyon. Dinalhan sila nina Stella ng pritong manok, *spaghetti*, *sandwich, hotdog* at *salad*. Marami rin silang bagong laruan at may mga hindi pa nabubuksang mga regalo. Habang sakay sa oto ang tatlong magkakaibigan, biglang ikinuwento ni Stella ang tunay na dahilan kung bakit malapit ang loob niya sa bahay-ampunan sa *Marga Hera*.

"Alam ninyo, nais ko silang mapasaya dahil talagang ibang-iba ang buhay natin sa kanila. Masuwerte tayo at lumaki tayo kasama ang pamilya natin. E, sila, doon na bumuo ng pamilya dahil marami sa kanila ay wala ng ama at ina. Sa tuwing tinititigan ko nga ang iba sa kanila, ramdan ko ang pangungulila nila sa kanilang mga magulang," pagpapaliwanag ni Stella.

Sandy Ghaz Maikling Kuwento
Philippine News

**Sagutin ang mga tanong.**

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento? Ano- ano ang mga katangian niya?

2. Ano-ano ang ginagawa ni Stella at ng kanyang mga kaibigan tuwing Pasko?

3. Ano-ano ang mga salitang kilos na binanggit sa kuwento? Isulat sa ibaba.

__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________


(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

## Susi sa Pagwawasto

**Unang pagsubok**
Malayang pagsagot sa Gawain

**Gawain**
1. Nangolekta
2. Itinutulak
3. Dumaan
4. Ipagbili
5. Tinimbang

**Gawain**
Malayang Pagsagot sa Gawain

**Pag-alam sa Natutuhan**

| | |
|---|---|
| 1. kumain | 6. sumayaw |
| 2. nagbabasa | 7. naghugas |
| 3. itapon | 8. naglaba |
| 4. ininom | 9. natulog |
| 5. huminto | 10. nagbuhat |

| | |
|---|---|
| 1. Bibili | 1. Nagising |
| 2. Sumakay | 2. Nagtanim |
| 3. Inaawit | 3. Nadapa |
| 4. Nagtatanim | 4. Tumatahol |
| 5. Nag-alay | 5. pinunasan |

**Pangwakas na Pagsusulit**
A. Malayang Pagsagot sa Gawain
B. 1. sinasabi
   2. Nagsuklay
   3. Maghihintay
   4. Humiga
   5. Tumulong
C. Malayang Pagsagot sa Gawain

Sanggunian:
Sandy Ghaz Maikling Kuwento
Philippine News